

PROLOGUE

“Shelley, sandali lang!”

Bago pa mabuksan ni Shelley ang pinto ng black *Ford Expedition*, napahinto siya at lumingon. Lumapit ang tiyahin sa kanya.

“Bakit ho, Tiya Fely?”

“Nakalimutan kong sabihin sa 'yo na may kailangan ka pang pirmahan, Hija,” sabi nito. Nakakunot-noong tiningnan niya ang folder na hawak ng tiyahin.

Miyerkules ng gabi nang siya ay dumating buhat sa resthouse nila sa Ilocos Norte. Apat na araw siyang naglagi roon, sila ni Nancy, at nag-unwind mula sa tambak na trabaho niya sa opisina at ito ay sa mga negosyo nito. Nang mapirmahan niya ang exclusive contract para sa *Suncrest Land Development* ay tumulak na sila patungo sa Ilocos Norte.

Sila ang nakakuha ng bagong proyekto ng *Suncrest*. Isang malaking shopping mall ang nakatakdang itayo sa Cavite sa ilalim ng pangangasiwa ng *Monteclaro Builders Co*. Si Shelley ang tumatayong presidente at CEO ng kompanyang iyon sa kasalukuyan. Siya ang

humalili sa kanyang ama na dalawang taon nang namamayapa.

Nabasa na niyang lahat at napirmahan ang mga naipong papeles noong wala siya. Dinala iyon ng sekretarya niya sa mansion. Nasa opisina na ang mga iyon noong Biyernes pa. Kaya nagtataka siya sa sinasabi ng tiyahin.

“Para saan?”

“Sa *RBM Steel*. Pahapyaw kong nabasa. May pagbabago yata sa presyo ng structural steel nila at ng iba pang construction supplies. Napulot ko ito sa sahig sa study. Siguro nahulog mula sa mga dokumentong dinala ni Miss Vera rito,” paliwanag nito.

Lalong lumalim ang pagkakakunot ng noo niya. Alam na niya ang tungkol doon. Maliit lang ang porsyentong itinaas ng presyo. Nag-usap na sila ni Engr. Marlon Sanchez tungkol doon. Ang nasabing chief engineer ang inaasahan niyang personal na magbibigay ng dokumento sa kanya. Iyon ang bilin niya.

Bakit nasa mga kamay iyon ng tiyahin?

“Pipirmahan ko na lang pag-uwi ko, Tiya Fely. Papunta ako sa Antipolo ngayon.” Ugali na niyang

basahin muna ang nilalaman ng anumang dokumento bago pirmahan at hindi niya magagawa iyon nang mabilisan.

“But it’s very urgent, Hija. Mr. Sierra needs this document first thing in the morning to finalize the transaction, remember?” Ngumiti ito, ngiting nanghihikayat. Muli nitong inihain sa kanya ang folder at isang fountain pen.

Napapatangay na kinuha niya iyon. Nang pipirmahan na niya ay natigilan siya. Hindi niya maunawaan kung bakit bigla siyang kinabahan. Pumasok sa isipan niya si Nancy.

Isinara niya ang folder at ibinalik iyon sa kausap. “Mamaya na lang, Tiya Fely. Nagmamadali ako. Pakibalik na lang sa study.” Hindi niya alam kung ilusyon lang niya ang poot na dumaan sa mga mata nito na kaagad ding naglaho.

Sumakay siya sa kanyang SUV at binuhay iyon. Hindi siya komportable na may driver. Siya ang nagda-drive mag-isa.

Nakangiti na si Tiya Fely nang ibalik niya ang paningin dito. “Bye, Hija. Ingat sa pagmamaneho.”

“I will, thanks.” Gumanti siya ng kaway rito. Binuksan ng guard ang malaking gate at

pinaarangkada niya palabas ang kanyang sasakyan.

Taga-Antipolo si Nancy. Kaklase niya ito sa *Ateneo de Manila University* at naging matalik na kaibigan. Umiiyak na tumawag ito sa kanya kanina. Iniwan ito ng nobyo nang walang sinabing dahilan.

May kapalit pala ang kasiyahan nito noong masaya silang nagtatampisaw sa pinong white sand ng Ilocos beach. Wala silang kapaguran sa pagsi-swimming doon, chikahan, biruan at harutan. Ngayon ay natatakot siya na baka may tendency ito na mag-suicide tulad ng ibang nasasawi sa pag-ibig. May pagka-sensitive kasi si Nancy.

Binabagtas na niya ang kahabaan ng Sumulong Highway nang pagtapak niya sa brake ay hindi iyon kumagat. Inulit-ulit niya ang pagtapak doon.

Oh, God! Wala akong preno!

Nag-panic ang dalaga. Kahit anong diin ang gawin niya sa brake ay hindi humihinto ang *Ford Expedition*. Pabulusok pa naman ang daang tinatahak niya. Pilit niyang kinalma ang sarili. Ipinagpasalamat niyang madalang ang mga sasakyan na dumadaan sa bahaging iyon.

Ang nakikita niyang pag-asa ay ibangga ang SUV sa isang puno o poste. Mas mainam na siya ang

Shelley's Secret - Lou Beronilla

mag-suffer. Kinapa niya ang seat belt sa katawan. Napamura siya nang matantong hindi pala niya iyon naikabit dahil sa pagmamadali. Her other hand grabbed it to fasten. Subalit bigla ang pagsulpot ng abuhing van na iyon sa ibang panig pasalongat sa dinaraan niya. Hindi na niya nagawang ikabig ang manibela. Sumalpok siya sa tagiliran niyon.

Ang sunod niyang narinig ay ang pingkian ng nakangingilong metal at ang pagkabasag ng salamin. Kasabay niyon ang malakas na tilian mula sa loob ng van at ang paghampas ng ulo niya sa manibela.

Iyon ang huling kaganapang naalala niya bago siya nilamon ng kadiliman.

1

One month later...

Mula sa matagal na pagkakahimbing, biglang nagising si Shelley. Subalit hindi niya maimulat ang mga mata. Pakiramdam niya, wala siyang lakas na gawin iyon. May naririnig siyang mga kaluskos sa paligid at ang mga munting tinig na iyon.

“Mommy, I said do it now. Wala tayong mapapala—”

“Shut up! Huwag mo akong pangunahan. Alam ko ang ginagawa ko.”

Ah! Nananaginip uli siya. Tulad ng mga panaginip niyang naririnig at nakikita niya ang mga anghel sa alapaap. Nag-ipon siya ng lakas. Nagawa na niyang maigalaw ang isang daliri niya at ang isa pa. Sinubukan niyang imulat nang dahan-dahan ang kanyang mga mata. At last, she did it!

Tumambad sa line of vision niya ang malapit na mukha ni Tiya Fely na napamaang nang kumurap-kurap siya.

“Shelley!”

“T-Tiya... Fely.....” Mahina at maganit ang tinig na lumabas sa bibig niya. Lumunok siya. Pakiramdam niya ay tuyung-tuyo ang kanyang lalamunan. Uhaw na uhaw siya.

“Clarissa, si Shelley, gising na!” natatarantang sigaw nito. “Tawagin mo si Dr. Martinez, madali!” utos nito sa anak na kaagad tumalima. “Salamat sa Diyos, gising ka na, Hija.” Hinawakan nito ang kamay niya at hinaplos ang kanyang noo.

“A-ano’ng... n-nangyari?” Nang magsalita siyang muli ay napangiwi siya sa nadamang hapdi sa kanyang lalamunan.

“Huwag ka munang magsalita, Hija. Hayaan nating masuri ka ng mga doctor.” Bumukas ang pinto at iniluwa niyon ang nagkukumahog na mga nurses at manggagamot.

Inilabas siya ng ICU at ngayon ay nasa isang pribadong silid na siya.

“You’d been in coma for one month, Shelley, dahil sa matinding pag-untog ng ulo mo sa manibela,” paliwanag ni Tiya Fely nang magbalik ito sa ospital mula sa pagkain sa labas. “Naalala mo ang aksidente?” tanong nito.

Ipinikit niya ang mga mata. Parang isang VTR na

nag-flash back sa diwa niya ang mga pangyayari— ang pagsakay niya sa *Ford Expedition*, ang pagkawala ng brake niyon, ang pagkakasalpok ng sinasakyan niya sa isang...

Nanlaki ang mga mata niya. “Ang abuhing van, Tiya Fely. Ano’ng nangyari sa mga sakay niyon?”

Sandali itong hindi nakaimik. “Ikinalulungkot ko, Hija. Sinamang-palad na may namatay sa aksidente.”

“My God!” Natutop niya ang bibig. “Sino?” tanong niya sa panghihilakbot.

“Ang six-year-old na anak na babae ni Mr. Jacinto.”

Six years old? Napaiyak si Shelley. Isang inosenteng nilalang ang nabuwis ang buhay dahil sa kanya. Puwera pa ang ibang mga sakay niyon na tiyak na malubhang nasugatan.

“It’s my fault, Tiya Fely. Kung hindi nawalan ng preno ang kotse ko, hindi mangyayari iyon. Kung naging maingat ako at nai-check ko muna ang condition ng sasakyan, wala sanang aksidente!” Malakas siyang napahagulgol.

“Maghunos-dili ka, Hija. Wala kang kasalanan.”

pagpapalubag-loob ng tiyahin sa kanya.

“Kung hindi sa kapabayaang ko, hindi mamamatay ang batang ’yon. Kasalanan ko ’to! Ang laki ng kasalanan ko sa kanya!” Nagsisigaw na siya, hysterical. Isang sampal ang dumapo sa pisngi niya. Sukat doon ay natauhan siya.

“I’m sorry, Hija.” Niyakap siya nito. “Hindi mo ginusto ang mga nangyari. It was an accident. At biktima ka rin ng aksidenteng iyon.”

“Pero ako ang dahilan ng pagkamatay niya.”

“Maybe yes, maybe no. But it was the end of her existence. May kanya-kanya tayong oras, alam mo ’yon. At nagkataong ikaw ang naging kasangkapan upang kunin ang isang buhay na itinakda Niya.”

Sa dinami-rami ng mga tao, bakit siya pa? Hindi iyon kaya ng konsyensya ni Shelley. Hindi niya iyon matatanggap!

“His real name is Darren Jake Jacinto, thirty-five years old and a business magnate. Nagmamay-ari siya ng mga chain of Italian restaurants na nagkalat sa buong Kamaynilaan at Quezon City, ang sikat na ‘Bon Vivant’. Pero mas kilala ang negosyante bilang

supplier ng luxury cars. May car showroom ito sa Greenhills, Makati at Pasay.

“Dalawang taon nang biyudo ito. Ang asawa nitong namatay sa breast cancer ay isang dating beauty queen. Dalawa ang naging anak nila, isang lalaki at isang babae. But recently, namatay din ang bunso nitong anak na si Krista Jacinto sa isang vehicular accident dalawang buwan pa lang ang nakalilipas.”

Umaalingawngaw pa sa pandinig ni Shelley ang mga salitang iyon ng private investigator na inupahan niyang kumuha ng mga impormasyon tungkol sa buhay ng mga Jacinto.

37th Molave St.

Mula sa kinalululanang kotse ay nabasa niya ang naturang address na gawa sa gold-plated metal na nakapaskil sa haligi ng mataas na bakod. Iyon ang residential house ng Jacinto family.

Ayon sa detective, ang mag-ama lang ang nakatira roon kasama ang pinagkakatiwalaang mayordoma, tatlong maid, isang yaya ng anak nito at isang hardinero. Hindi kasama roon ang guwardyang nakatalaga sa gate. Paminsan-minsan ay dumadalaw roon ang sister-in-law ni Mr. Jacinto

at kinukumusta ang pamangkin nito.

Nalulungkot siya sa isa pang dagok na dumating sa bahay ng mga ito. Binabagabag siya ng konsyensya sa nangyari. Gusto niyang kausapin si Mr. Jacinto at humingi ng tawad rito. Subalit inaatake siya ng karuwagan. Alam niyang hindi siya basta-basta mapapatawad ng lalaki. Buhay ng anak nito ang inutang niya.

Dahil doon, hindi siya matahimik. Nais niyang ipaabot sa mga Jacinto ang lubos niyang pagsisisi at pakikiramay. Lalo lang kasi siyang nakonsyensya nang hindi ituloy ng mga ito ang demanda laban sa kanya.

Bumaba siya ng sasakyan. It was now or never. Kahit mura-murahin siya ni Mr. Jacinto o talampakin ang pagkatao niya ay sisikmurain niya. She deserved to be despised, after all.

Pagtawid niya sa kalsada ay bumukas ang pedestrian gate niyon. Lumabas ang dalawang unipormadong maid, magkatulong na binubuhat ang malaking itim na trash bag na puno ng mga basura. Tumigil siya sa isang tabi, nagkunwaring may kinakausap sa cellphone.

“Umalis na pala kanina si Miss Celine. Wala na

tuloy mag-aalaga kay Luigi.” Nahagip ng pandinig niya ang sinabing iyon ng isang katulong.

“Eh, paano ang bata? Sino ang magbabantay sa kanya sa school?” tanong naman ng isa.

“Si Nana Maring muna habang hinihintay ang kapalit o kaya si Liza raw.”

“Kaya ba ng matandang humabul-habol kay Luigi? Eh, napakalikot ng batang iyon.”

Hindi niya tinapos pakinggan ang pag-uusap ng dalawa. Isang ideya ang naglalaro sa isipan ni Shelley. Nilisan niya ang lugar na iyon nang may ngiti sa mga labi.

Pinagana ni Shelley ang talino at ang pera niya. Matapos kakutsabahin ang bagong nanny na kapalit sana ng umalis na yaya ng anak ni Mr. Jacinto ay humanda na siya upang palitan ito sa bahay ng huli.

“Yong sinabi kong walang makakaalam nito, sekreto natin, ha?” bilin niya kay Adelina, ang kapalit na yaya na inabangan ng taong inutusan niya sa labas ng Jacinto residence at dinala sa kanya.

Binigyan niya ito ng malaking halagang katumbas ng sahod nito sa buong isang taon.

Dinagdagan pa niya iyon. Sa magandang offer niya, hindi ito nakatanggi. Pinauuwi na niya ito sa probinsya kung saan ito nakatira.

“Opo, Ma’am Shelley. Pupunta-punta na lang ako sa ospital para mag-report nang hindi sila makahalata.” Nurse ang pinipili ni Mr. Jacinto na mag-aalaga sa anak nito. And it was a coincidence she had not finished taking up B.S. Nursing as she was forced to shift to another course. Pinilit siya ng kanyang ama na kumuha ng Business Management.

“Good.” Bumaba siya ng taxi kung saan ay kasama niya ito. Dala na niya ang duffel bag na naglalaman ng personal niyang gamit. “Ingat ka, Adelina.” Kinawayan niya ito.

“Yes, Ma’am. Good luck po,” anitong kinawayan din siya. Doon na sila naghiwalay. Siya, patungo sa kanyang pakay. Ito naman ay sa provincial bus terminal, pauwi sa Nueva Ecija.

Tumawag siya ng panibagong taxi at nagpahatid sa Las Piñas. Namukhaan siya ng bata pang guard sa main gate ng exclusive village na iyon. Noong unang beses niyang punta roon ay sinabi niyang kaibigan siya ng mga Jacinto. Kadarating lang niya mula sa Europa at gusto niyang sorpresahin ang mga ito upang hindi na ito tumawag pa roon. Naniwala

naman ito.

Isang tango at ngiti lang niya sa guard ay wala nang tanung-tanong na pinapasok sila nito, nakasaludo pa.

Ipinahinto niya sa isang tabi ang taxi. Binayaran niya ang driver.

Hindi siya magkandaugaga sa pagdadala ng duffel bag niya. Hindi naman kasi iyon de-gulong. Mahahalata siya kung mamahaling suitcase ang dala niya. Mahaba-haba rin ang nilakad niya patungo sa pakay na gate.

Pinindot niya ang intercom. “Good morning ho, nandyan ba si Mr. Jacinto?”

“Ano’ng kailangan nila?” anang boses-lalaki na pihadong ang guwardya.

“Ako ’yong nurse na hahalili kay Miss Celine. Inaasahan na ako ni—” Kumalampag ang gate at nakita niyang bumukas ang pedestrian entrance.

“Pasok na, Miss. Kaninang umaga ka pa hinihintay ni Sir Darren,” anang may-edad nang bantay.

Nagsimula na siyang kabahan. *Relax ka lang, Shelley. Just take it easy.* pampalakas-loob niya sa

sarili. Sa wakas, magkakaharap na sila ni Mr. Jacinto. Sinamahan siya ng guwardya patungo sa loob.

At habang tinatalunton nila ang may kahabaang driveway, ang unang tumuon sa atensyon niya ay ang malawak na solar. Nasa gitna niyon ang malaking bahay na may tatlong palapag. Moderno ang architectural design niyon. May mahabang veranda sa second floor. Maliit nga lang sa ground floor. French windows ang lahat ng bintana na may grills. Fuschia ang kulay ng bahay na ang bubong ay V-shaped style.

Nasa kaliwang bahagi ang malawak na garden na kinatatampukan ng mamahaling ornamental plants, iba't ibang uri ng mga bulaklak at maliit na orchidarium. Sa kanan niya ay ang malaking carport. Apat na sasakyan ang nakagarahe roon, isang mamahaling *Porsche*, *Strada* pick-up, itim na *CR-V* at isang *Starex* van.

Kinilabutan siya nang mahagip ng tingin ang abuhing van. Wasak ang kaliwang bahagi ng tagiliran niyon. Hinding-hindi niya makakalimutan ang sasakyang iyon! Pumasok sa isipan niya ang namatay na anak ni Mr. Jacinto.

Sana'y mapatawad mo ako, Krista. Hindi ko sinasadya. Hanggang ngayon ay hindi pa rin

ako makasumpong ng kapayapaan sa puso ko sa nangyari sa 'yo. At ito ang naisip kong paraan upang mapagbayaran ko ang kasalanan sa 'yo.

Pag-angat niya ng mukha sa malaking bahay ay nahuli niya ang pagbaba ng kurtina ng isa sa mga bintana sa ikalawang palapag. Tila may taong kasisilip lang doon.

“Tayo na, Miss. Baka naiinip na si Sir Darren. Naitawag ko na sa kanya ang pagdating mo,” tawag-pansin sa kanya ng katabi.

“Sorry ho.” Nagpatuloy siya sa paglalakad.

Ilang sandali pa’y nasa loob na siya ng magarang bahay. Ang guwardya ay bumalik na sa puwesto nito sa guardhouse. Isang babaeng nasa mahigit cincuenta na marahil ang edad ang nakaupo sa sala. Ito ang humarap sa kanya. Nababasa niya sa mukha at palakaibigan nitong ngiti na isa itong mabuting tao.

“Maupo ka, Hija.” Bumaling ito sa kasambahay. “Liza, magdala ka ng merienda para sa bisita.”

“Opo,” magalang na tugon ng inutusan.

“Ako nga pala si Nana Maring, ang mayordoma rito,” pakilala ng ginang sa kanya nang harapin siya.

“Malayo ko nang kamag-anak ang mga Jacinto, pero hindi iba kung ituring nila ako. Alam mo, mababait sila. Kaibigang matalik ko ang ina ni Darren at sabay kaming nagdalaga.” Hindi nito naitago ang pagkagiliw sa mga taong pinaglilingkuran nito. “Naku! Pasensya na kung naging madaldal ako.” Natawa ito. “Este, bakit ngayon ka lang, Hija? Sinabi sa ospital ay kaninang umaga ka pa raw umalis patungo rito.”

The question made her feel uncomfortable.

Nag-usap sila ni Adelina kaya natagalan ang pagpunta niya roon. Kinausap din niya si Tiya Fely at ibinilin ang mansion dito. Ang paalam niya ay mahigit isang buwan siyang mawawala dahil may aasikasuhin siyang importanteng bagay. At sasaglit-saglit siya sa opisina.

“Pinasyalan ko po muna ang kaibigan kong kababayan ko. Nabalitaan ko kasing umuwi siya sa probinsya namin at kadarating lang niya. Nakibalita ako sa kalagayan ng mga magulang ko roon.” *Whew! Ang hirap talagang magsinungaling.*

“Gan'on ba?” Tumangu-tango ito, waring kumbinsido. “Bueno, dala mo ba ang mga papeles mo, Hija?”

Shit! Bakit hindi niya naalala iyon? Ang tanga-tanga niya! Na kay Adelina ang nasabing credentials at nalimutan din nitong ibigay iyon sa kanya. Hindi siya nagpahalatang nadismaya. Pero mabilis siyang nag-isip. Nagkunwari siyang may hinahalungkat sa bag niya.

“Naku! Naiwan ko pa yata sa bahay ng pinsan kong tinutuluyan ko. Hindi ko makita rito.”

“Hija, pasensya na pero iyon kasi ang patakaran dito. Kailangan naming masiguro ang identity at kakayahan ng mga pumapasok dito. Kung ako lang ang masusunod ay tatanggapin kita. Mukhang mabait ka at mapagkakatiwalaan. Pero mahigpit si Darren pagdating sa bagay na iyan.”

“Kung gusto ninyo ay babalik na lang ako. Ang tanda ko, naipatong ko iyon sa mesa kanina.” Balak niyang tawagan ang sekretarya niya. Madiskarte iyon. At alam nito ang gagawin. Patalikod na siya nang gulantangin siya ng isang suwabeng tinig, boses ng isang lalaki.

2

“Hindi na kailangan.” Magkapanabay na napatingala sa itaas sina Shelley at Nana Maring.

Isang lalaking may matipunong pangangatawan ang nakita niyang nakatingin sa kanila. Ang malalakas na braso nito ay nakadiin sa railing, making him look more masculine. Nakarolyo ang magkabilang manggas ng long-sleeved shirt nito. Bukas ang tatlong butones ng polo kaya nasisilip niya ang maninipis na balahibo sa dibdib nito. No doubt, the man was devilishly handsome!

His profile spoke of strength and prowess. He got a beautiful pair of eyes that could hypnotize every woman. Bata pa itong tingnan. She guessed he was in his lucid early thirties. Despite his tough personality, hindi naikubli ang lungkot sa mga mata nito. She was sure he was grieving for his late daughter.

Hindi na niya kailangang hulaan kung sino ang lalaki.

“Hijo,” bati ng matanda rito, “halika at nang makilala mo ang bagong yaya ni Luigi.”

As he descended the stairs, he moved with a

natural grace unusual for such a large man. Marami na siyang nakilala na guwapong lalaki, pero kakaiba ang isang ito sa lahat. She felt the impact of his oozing charm. Nang makalapit ito sa kanila ay napakataas pala nitong tingnan, mga six feet yata. Kailangan pa niyang tumingala rito para magkaharap sila.

“Darren, siya si...” Bahagyang napatda ang mayordoma. “Hindi ko pa pala naitatanong ang pangalan mo, Hija. At kung ilang taon ka na,” baling nito sa kanya

“She....” Natigilan siya. Hindi dapat na malaman ng mga ito ang tunay na pagkatao niya. “Shirley ho. Shirley Monteza. Twenty-five years old na ako.” Abut-abot ang kaba niya. Mabuti na lang at mabilis na gumana ang isip niya.

Nang ilipat niya ang paningin kay Mr. Jacinto ay titig na titig ito sa kanya. Kinabahan siya. Tiya Fely told her about his visit when she was at the hospital. Saglit lang daw siya nitong tiningnan sa bintana ng ICU para kumpirmahin kung totoo ngang nasa comatose stage siya.

Namumukhaan kaya niya ako?

“I’m Darren Jake Jacinto, Luigi’s father,” pakilala nito sa sarili. Inilahad nito ang palad sa kanya at

kinamayan niya ito. The texture of his hand was smooth, halatang hindi nasanay sa mabibigat na trabaho.

“I’m Shirley Monteza, Sir. Kumusta po kayo?”

May dumaang lambong sa mga mata nito. “O-okay lang. Okay lang ako. Maiwan ko na kayo, Nana Maring,” baling nito sa matanda. “Kayo na ang bahala sa kanya.”

Noon niya napansin ang hawak nitong key chain. Paalis na pala ito. Ganito lang siya nito kabilis pagtiwalaan at tanggapin? Hindi man lang ba ito magdududa kahit bahagya sa pagkatao niya? Inihatid pa niya ito ng tanaw habang papalabas ng pinto.

“Istriкто si Darren sa mga taong hina-hire niya para kay Luigi,” pukaw ni Nana Maring sa kanya. “Pero nagtiwala agad siya sa ’yo. Sabagay, hindi na ako magtataka. Ako man ay magaan na ang loob sa ’yo.” Ngumiti ito. “Maaari ka nang magsimula ngayon, Miss Shirley. Si Luigi ang batang aalagaan mo.

“Pero nasa school pa siya ngayon at mamaya pa ang dating niya,” patuloy nito. “Kung pagod ka, puwede kang magpahinga muna. Halika sa itaas at ipakikita ko sa ’yo ang magiging kuwarto mo.”

Umakyat sila sa matarik na hagdanan. Pagtuntong

ni Shelley ng landing, ang maliit na living area ang humantad sa kanya. Subalit napako ang mga mata niya sa malaking kuwadro na nakasabit sa dingding. Isang babae ang nakalarawan doon.

“Siya ang yumaong asawa ni Darren, si Bernadette,” imporma ng mayordoma sa kanya.

“Napakaganda niya!” bulalas niya. Parang anghel na bumaba mula sa langit ang babae.

“At napakabait. Isa siyang ulirang asawa at ina sa mga anak nila ni Darren. Sayang nga lang at maaga siyang kinuha ng nasa Itaas.”

Napapagitnaan ng sala ang magkasunod na dalawang pinto sa bahaging kaliwa. Dalawa rin sa kanan. Bale apat ang lahat ng silid roon. Binuksan ni Nana Maring ang unang pinto sa kanan at pumasok sila sa loob.

“Ito ang magiging kuwarto mo.”

Iginala niya ang paningin sa kabuuan niyon. Sadyang para sa babae niyon. Floral printed ang bedsheets at mga unan. Pink ang kulay ng mga kurtina. May dresser sa tabi ng katamtamang laking kama na nakapondo sa gitna. Katabi ng divan ang built-in cabinet. Isang pinto ang namataan niya sa isang bahagi na ang hula niya ay banyo. Simple pero

cute at maaliwalas tingnan ang silid.

“Ito ang iniwang kuwarto ni Miss Celine, isang nurse na tulad mo. Nalinis na ito at pinalitan ng bedsheet at mga punda para sa pagdating mo,” anito.

Nag-iwas siya ng tingin. Hindi man siya certified nurse dahil hindi niya natapos ang kurso noon ay mahilig siya sa mga bata. Sumailalim din siya sa isang training nang di-sinasadyang makapanood siya sa America ng isang session sa mall na kinabibilangan ng mga ina kung paano ang tamang pag-aalaga at pagpapalaki sa mga bata.

“Nice place.” Totoo iyon sa loob niya. The room looked so fresh and comfortable. Sanay man siya sa malaking silid ay hindi iyon big deal upang magbago ang isip niya.

Kinambatan uli siya nitong sumunod rito. Iniwan na niya ang bagahe niya roon. May binuksan uli itong pinto katabi ng kanyang magiging silid.

“Ito naman ang kuwarto ni Luigi. Eight years old na siya at nasa elementary. Sinadya naming ipagtabi ang mga kuwarto ninyo para madali mo siyang mapuntahan at mabantayan sa mga kilos niya.”

Pinagmasdan niya ang silid; nakakaaliw iyong tingnan. Punung-puno iyon ng mga laruang panlalaki

na ang iba ay nagkalat sa sahig. May life-size *Superman* sa tabi ng kama nito na yari sa fiber na tila binabantayan ang buong silid. May bookshelves din doon, katabi ng computer at study table.

Kinuha niya ang picture frame na nakapatong sa bedside table. It was a family portrait. May batang lalaki roon na sa palagay niya ay si Luigi dahil kamukhang-kamukha ito ng ama. Samantalang si Krista na noon ay mga apat na taon marahil ang edad ay kuhang-kuha naman ang hitsura ng ina.

Gusto niyang mapaluha nang masilayan ang inosenteng mukha ng batang babae. Napakagandang bata. Buhay na buhay ang mga ngiti nito sa camera, pati ang kislap ng mga mata. Nangibabaw ang panghihinayang sa puso niya. And guilt poured over her.

“Sila ang mag-asawang Jacinto. Ito si Luigi at ito naman si Krista, ang mga anak nila,” ani Nana Maring. “May pagka-moody si Luigi kaya ang maipapayo ko sa ’yo ay ang habaan ang pasensya mo. Mabait naman siya pero pagkaminsan ay sinusumpong ng katigasan ng ulo. Kaya tuloy madalas na mapagalitan ng ama.”

Napangiti siya. “Kung hindi ninyo naitatanong ay mahiligin po ako sa mga bata.”

“Hindi naman sa dini-discourage kita, Hija. Pang-apat ka na sa mga naging tagapag-alaga niya na lahat ay sumuko sa katigasan ng ulo niya. Sana ay mapagtiisan mo siya.”

Naunawaan niya na mahirap talagang pakisamahan si Luigi. Pero hindi siya paaapekto o maduduwag. Kahit ano ay susuungin niya huwag lang siyang mabuhay na may dinadalang guilty feeling.

Ito na ang pagkakataong hinihintay niya upang mahugasan ang malaking kasalanan niya sa mga Jacinto. Kung tutuusin, maliit na bagay iyon kumpara sa nagawa niyang trahedyang sa buhay ng mga ito. Ngayon pa ba siya uurong?

Nang magising si Shelley a.k.a. Shirley ay umagana. Hindi niya alam na tuluy-tuloy pala siyang nakatulog sa paghihintay kay Luigi. Nakakahiya kay Sir Darren! Nagmamadali siyang nagtungo sa banyo at naligo. Isinuot muna niya ang pambahay niyang floral sundress at inilugay ang mahabang buhok. May uniform na ibinigay sa kanya si Adelina. Isusuot niya iyon kapag ihahatid na niya si Luigi sa paaralan.

Pababa na siya nang maalala niya ang batang lalaki. Bumalik siya at tumapat sa pinto ng silid

nito, kumatok muna bago pinihit ang doorknob. Bukas iyon. Gising na si Luigi sa ganoong kaagang oras, bagay na hindi karaniwan sa ibang mga bata. Naglalaro ito sa kama kasama ang mga robots nito. Nang mapansin siyang nakatayo roon ay nagsalubong ang mga kilay nito.

“Who are you? And what are you doing here?”

She flashed her winsome smile. “Good morning. May I come in?”

“No, unless you tell me who you are,” malamig na tugon nito, sabay halukipkip.

Pinanatili niya ang pagngiti. “I’m Shirley, your new nanny. Kahapon ng hapon lang ako dumating. And you are Luigi, right? Wala kang magiging problema sa akin. Mabait akong nanny. Mukhang mabait ka rin naman. Sa tingin ko, magkakasundo tayo.” She sounded friendly. Gusto niyang mapalagay ang loob nito sa kanya.

Pagkarinig nito sa sinabi niya ay lumapit ito sa kanya sa pinto. Malaking bulas si Luigi sa gulang nitong walong taon lamang. Cute at chubby ito. Ang higit niyang napuna ay ang mapusyaw na balat nito.

“I don’t like nanny. At hindi rin kita gustong narito. Get out!” Itinulak siya nito palabas at isinara

ang pinto.

Napatanga siya. Hindi niya inaasahan ang reaction ng alaga. Ayaw nito ng nanny o gusto nitong laging nag-iisa? Right at the moment, she pointed out there was something wrong with him. It seemed like a psychological matter.

Bumukas ang pinto sa tapat. Mula roon ay lumabas si Darren. Magkatapat lang pala ang mga silid nila. Nahigit niya ang paghinga nang mapagmasdan niya ito nang mabuti. Bihis na bihis ito. Ang get-up nito ngayon ay hindi tulad ng mga executives na naka-coat and tie. Nakasuot lang ito ng long-sleeved polo at hindi iyon naka-tuck in. Wala rin itong kurbata. Ang coat ay hawak nito sa isang balikat tulad ng mga modelong lalaking nakikita niyang rumarampa sa catwalk.

Maganda pala itong magdala ng damit. He looked so much impeccable. No wonder, maraming babaeng magkakandarapa rito lalo't biyudo na ito. He was a fine-looking guy that could have been the dream of some women. Humahalimuyak ang men's cologne nito at nanuot iyon sa pang-amoy niya. Mukhang papasok na ito sa opisina. Nang makita siya ng lalaki ay pinasadahan nito ang kabuuan niya saka tumango.

“Good morning, Sir Darren,” magalang na bati niya.

“Good morning. Nagkita na kayo ni Luigi?” walang kangiti-ngiti nitong tanong.

“Yes, Sir. Ngayun-ngayon lang.” Hindi na niya sinabi ang inasal ng alaga sa kanya.

“Have you eaten your breakfast?”

“Not yet.” Hindi siya nakapaghapunan nang nakaraang gabi. Kumakalam na ang sikmura niya.

“Come.” Hinawakan nito ang siko niya at iginiya siya pababa ng hagdanan. Gentleman pala ito. He knew how to pay respect to every woman in all levels.

Napahinto siya nang biglang may maalala. “Si Luigi, Sir. Hindi pa yata nag-aalmusal.”

“He always wants his breakfast in bed. Hindi siya naglalalabas ng silid niya sa umaga,” pabalewalang sagot nito.

At hahayaan na lang nito iyon? Alam niyang may mali sa paraan ng pagtrato nito sa anak.

Pagbaba nila ay dumerecho sila sa komedor. Nakita nila si Nana Maring na naghahain ng agahan.

“Tamang-tama ang dating ninyo. Nakahain na

ako,” sabi nitong ngumiti sa kanya. “Kumatok ako kagabi sa kuwarta mo para sabihin sa ’yo na kumain ka na pero hindi ka nagising. Baka ’ika ko pagod ka kahapon.”

“Naku, sorry ho. Hindi ko kasi akalain na makakatulog ako. Hindi ko tuloy naasikaso si Luigi,” hingi niya ng paumanhin sa mga ito.

“Wala ’yon, Hija,” tugon ng matanda.

“Sorry talaga, Sir Darren,” baling niya sa amo.

“It’s okay, Miss Shirley. Mabuti nga at nakapagpahinga ka. Bakit hindi ka pa maupo?”

Bakit isinasabay siya ng mga ito na kumain? Hindi ba dapat ay magpapamilya lang ang nagsasalusalalo sa hapag-kainan?

“Mamaya na lang ho.”

“Sus! At nahiya pa ang batang ire. Kung si Miss Celine ay kasama rin naming kumakain, bakit hindi ikaw?”

She didn’t deserve to be treated that way. Lalo tuloy siyang nagi-guilty sa kabutihang ipinakikita ng mga ito.

“Uhm... dadalhan ko na lang muna si Luigi ng

breakfast sa kuwarto niya. Hindi pa kami nagkakausap nang husto.”

“Kung iyon ang gusto mo, eh, sige. Siguro nga dapat na magkahulihan agad kayo ng loob ni Luigi. Sandali lang, Hija.” Nagpunta ito sa kusina. Nang lumabas ito ay tangan nito ang bed rack tray. Ibinigay nito iyon sa kanya.

“Pilitin mo siyang kumain, Hija. Kung ayaw, kilitiin mo sa talampakan. Malakas ang kiliti niyon d'on.” Bumungisngis ang matanda.

“Sige po.” Tumalikod siya upang muli ring lumingon nang tawagin siya ni Darren.

“Unpredictable ang ugali ni Luigi, Miss Shirley. Be patient with him,” paalala nito.

Bakit parang may kahulugan ang mga titig nito sa kanya? Sinalakay siya ng kaba. Kung kilala na siya nito, sana nagsabi ito nang derechahan.

Ngumiti siya upang pawiin ang takot na nabubuo sa isip niya. Hindi na niya nakita ang lihim na pagsunod ng tingin ng lalaki sa kanya.

Hindi na kumatok si Shelley sa silid ni Luigi. Baka hindi pa siya nito patuluyin. Sa ganitong kaso,

kailangan ng taktika, malawak na pang-unawa at kaunting tiyaga. Hindi ito basta-basta mapapaamo.

“Hello, Luigi. Your breakfast is here.” Ipinatong niya sa isang bahagi ng kama ang bed rack tray na naglalaman ng paborito nitong agahan.

Tumigil ito sa paglalaro at nakasimangot na hinarap siya. “And who told you to barge in my room?”

Inignora niya ang pagsusungit nito. “Here, kumain ka na. I know these cheesedogs are your favorite.”

“I’m not hungry,” matigas na saad nito. “Just get out of here.”

“Baka malipasan ka ng gutom.”

“I said get out!”

Nagkibit siya ng mga balikat. “I will leave. But eat your breakfast first, okay?” Hinagod niya ang ulo nito bago niya iniwan. Lumambot ang expression ng mukha nito.

Nahuhulaan na niya kung bakit ganoon ang inaasal ni Luigi. Napansin niya kanina na hindi man lang sinilip ni Darren ang anak sa silid nito. Sabik sa atensyon at pagmamahal ang bata. Bumaba siya.

Nakaalis na si Darren dahil narinig pa niya ang ugong ng papalayong kotse nito. Kinausap niya si Nana Maring at inalam ang mga bagay-bagay na kinagigiliwan ni Luigi.

“Mahilig siyang mag-horseback riding. Noong nabubuhay pa si Bernadette, silang mag-anak ay madalas magpunta sa Tagaytay. Doon natuto si Luigi na mangabayo. Gustong-gusto rin niyang mag-swimming at mamasyal sa kung saan-saan,” anang mayordoma.

“Alam kong mabait na bata si Luigi, Nana Maring. Ano po sa palagay ninyo ang dahilan kung bakit may katigasan ang ulo niya?” curious na tanong niya.

Napahinga ito nang malalim. “May pagkukulang si Darren, may kinalaman iyon sa kung bakit ganoon ang inuugali ni Luigi, Hija. Sinadya niyang ilulong ang sarili sa mga negosyo upang makalimutan ang namayapang asawa. Napabayaang niya ang mga anak. Hindi ko naman siya masisisi. Mahal na mahal niya si Bernadette at hindi niya agad natanggap ang pagkawala ng kabiyak.

“Pagkalipas ng isang taon, kahit papaano ay nakapag-move on na si Darren. Kung kailan maayos na ang samahan ng mag-aama ay saka nawala si Krista. Muling napabayaang ni Darren ang panganay

Shelley's Secret - Lou Beronilla

na anak. Si Luigi naman ay nalungkot sa pagpanaw ng kaisa-isang kapatid. Naging malulungkutin ito.”

Nagbaba si Shelley ng tingin. Nandoon ang pakiramdam na parang ang sama-sama niyang tao. Inalis niya sa buhay ang tanging taong nakapagpapangiti kay Luigi na makakapuno sana sa pagpapabaya ng ama rito.

3

“Mahilig ka pala sa paghahalaman.” Muntik nang mapatalon si Shelley nang marinig ang malagom na tinig sa likuran niya. Mula sa pagbabaon niya ng mga buto ng sunflower sa bakanteng lupa na hindi pa natatamnan sa hardin ay nilingon niya ang nagsalita.

It was Darren.

Kay simpatiko nitong tingnan. He was wearing a casual plain turquoise polo shirt and faded jeans. Ang dalawang kamay nito ay nakasuksok sa magkabilang bulsa ng pantalong maong nito. His hair dark and wavy. He looked more gorgeous than the other day when she first saw him. Hindi niya ikakaila na gusto niya ang hitsura nito. Hindi nakakasawang tingnan ang mukha ng lalaki.

Bumilis ang tibok ng puso niya. Ano bang mayroon sa lalaking ito para maapektuhan siya nang ganoon?

“Good morning, Sir. Pasensya na kung nakialam ako sa garden ninyo. Wala kasi akong magawa. Pero nagpaalam naman ako kay Nana Maring at sa hardinero ninyo.”

“It’s all right. I’m just curious kung ano’ng ginagawa mo. Ano’ng itinatanim mo?” Hindi naman ito galit. Instead, his expression was half-amused.

“Nagtatanim ng sunflower.”

“So, you are fond of gardening and the flowers.” Bahagya siyang tumango. “Fit for a beautiful lady like you.” Naramdaman niya ang pag-iinit ng mga pisngi sa papuri nito. Tinungo nito ang pick-up at pinaandar iyon. Bumusina pa si Darren nang dumaan ito sa harapan niya

Ipinagpatuloy niya ang ginagawa. Nami-miss niya ang pagga-gardening. Sa mansion nila ay pinuno niya ang hardin nila ng mga bulaklak na may iba’t ibang kulay. Maginhawa sa mga mata at nakakapagpaalis iyon ng pagod niya. Nang matapos ay naghugas siya ng mga kamay kahit nagsuot siya ng gloves. Nagpasalamat muna siya sa hardinero bago pumasok sa malaking bahay.

Pumanhik siya patungo sa silid ni Luigi. Naglalaro ito. Ang assignment nito na sinasagutan kanina ay nasa study table pa rin nito. Mukhang hindi na ginalaw.

“Are you finished with your homework, Luigi?” Sige pa rin ito sa paglalaro ng mga robots. Kinuha

niya sa bata ang mga laruan at itinabi iyon. “Kung maglalaro ka na lang nang maglalaro, wala kang matututunan sa school.”

“Give me back my robots!” singhal nito.

“Not yet, unless you take a look at it.” Naging mahinahon pa rin siya rito. “Gusto mong isumbong kita sa daddy mo?” Alam niyang takot itong masita ng ama. Iyon ang alam niyang ipanakot dito upang sundin siya.

Nagdadabog na lumapit ito sa study table at hinarap ang notebook. Kakamut-kamot ito sa ulo na hindi malaman ang gagawin. Halatang nahihirapan itong sagutin iyon.

“Kung hindi mo alam ang isasagot, magtanong ka sa akin. Tutulungan kita,” aniya mula sa likuran nito. Nang lingunin siya ni Luigi ay maluha-luha ito. “Bakit?”

Ibinigay nito sa kanya ang notebook. Isang family tree pala ang ipinagagawa rito ng teacher. Litrato ng bawat miyembro ng pamilya ang ididikit sa mga sanga na may bilog.

Nanlumo siya. Naaawang niyakap niya ang bata. Isa lang ang maituturing na kapamilya nito na maaari nitong idikit sa puno, ang larawan ng ama

at ito mismo.

It had been a long day for Shelley. Hindi lang nakakapagod ang pagbabantay kay Luigi sa paaralan, nakaka-stress din.

Nagpapahangin siya habang nakaupo sa isa sa mga lounge chairs sa poolside. Sigurado siya na wala nang taong gising sa mga oras na iyon. Malalim na ang gabi. Katatawag lang niya sa kanyang sekretarya. Marami na raw nabinbin na mga papeles at kailangan ang presence niya sa opisina. Sinabi niya ritong magkita sila sa Linggo at mag-opisina. Day-off niya iyon.

Nakarinig siya ng mga yabag na papalapit. Nagtago siya sa isang malagong halaman doon. Ang malaking bulto ni Darren ang namataan niya. Hinuhubad nito ang roba, balak yatang maligo. Napasinghap siya nang tumambad sa kanyang mga mata ang kamachohan nito sa swimming trunks na suot. Aninag na aninag niya ang magandang pangangatawan nito sa liwanag na nanggagaling sa lanai.

May kung anong pakiramdam ang lumukob sa kanya pagkakita sa kahubaran ng lalaki. She felt

burning inside. Never in her life had she experienced that feverish sensation toward a man. It was like a feeling of plunging into something she wanted to explore. Ano kaya ang pakiramdam ng makulong sa mga bisig nito? Ang mahalikan nito?

Ipinilig niya ang kanyang ulo. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Pinagpapantasyahan niya si Darren?

Hindi lalaki ang ipinunta mo rito, Shelley! Alalahanin mong narito ka para maghugas ng mga kamay!

Sa naisip, inatake siya ng guilt. Tatalilis na sana siya nang hindi sinasadyang naapakan niya ang isang siit ng sanga. She screamed when someone grabbed her and pinned her on the ground.

Laking gulat niya nang makilala ang lalaking nakakubabaw sa kanya. “Sir Darren!”

“Miss Shirley?” Nagulantang din ito, hindi akalaing siya ang pangahas. “Ano’ng ginagawa mo rito?” tanong nitong naglalakbay ang mga mata sa mukha niya.

“Eh, Sir...” Hindi niya malaman ang sasabihin. Mas aware siya sa mga katawan nilang magkalapat nang mga sandaling iyon. Sa manipis na pantulog

niya, dama niya na unti-unting nagkakaroon ng buhay ang pagkalalaki nito, lightly pulsing against her navel.

“Aw, shit!” Napamura ito nang mapagtanto ang nangyayari sa sarili. Mabilis itong tumayo at inalalayan siyang makabangon.

Siya namang pagdating ng guwardyang nakatoka sa gabi. “Sir, okay lang kayo? Narinig kong may sumigaw.”

“Huwag mong intindihin ’yon. Bumalik ka na sa puwesto mo,” pagtataboy nito sa guard. “Miss Shirley, mag-usap tayo.” He gestured toward the lounge chair.

Nang magkaharap sila, nakaroba na ito. “Bakit ka nandito sa ganitong dis-oras ng gabi?” She detected a flicker of suspicion in his voice.

Nagdududa ito sa kanya. Mabubulilyaso ang mga plano niya sa pagtungo roon kung mabubuko siya. “Hindi kasi ako makatulog, Sir. Nagpapahangin ako nang dumating ka. Pero dinaluhong mo ako nang paalis na ako,” sunud-sunod na paliwanag niya.

Nakatitig ito sa kanya, waring inaarok ang mga salita niya. “Iyon ba talaga ang dahilan? O may iba pa?” Nagsususpetsa pa rin ito.

“Iyon ang totoo, Sir.” Maniwala naman sana ito sa kanya.

“So, nakita mo ako kanina.”

Nahihiyang nagbaba siya ng tingin. “Y-yes, Sir.”

“May gusto ka ba sa akin, Miss Shirley?”

“What?” Nabigla siya. Hindi niya inaasahan na paprangkahin siya ng ama.

“And how do you find my body?” Naging pilyo ang pagkakangiti nito sa kanya.

Umahon ang inis sa dibdib niya. “For your information, wala akong gusto sa 'yo at hindi ko ugaling mam... mam...”

“Mamboso? May sinabi ba akong namboboso ka?”

Damn! Pinaglalaruan ba siya nito? “Iyon ang gusto mong tukuyin, di ba?”

Napahalakhak ito.

Lalong umusok ang ilong ni Shelley. Kung hindi lang importante ang mission niya, kanina pa niya ito kinalmot sa mukha. Napapitlag siya nang damhin ng isang palad nito ang pisngi niya.

“Don’t take it seriously. It was only a joke.” Tila may sumagitsit na kuryenteng nagmula sa palad nito kaya pinalis niya iyon.

“At hindi ko nagustuhan ang biro ninyong iyon, Sir.”

He chuckled again. Sa ilang araw niyang paglalagi sa bahay nito ay ngayon lang niya nakitang tumawa ang amo. He looked charming with that lethal smile. Maputi at pantay-pantay ang mga ngipin nito.

“Now, go back to your room. Hatinggabi na. Baka mapuyat ka.” Pumuwesto ito sa gilid ng pool at nagsimulang tanggalin ang roba.

Nakahinga siya nang maluwag. At least, hindi ito naghinala. Nagmamadaling nilisan niya ang lugar na iyon.

Sinilip ni Shelley si Luigi, subalit wala ito sa silid nito. Nilibot niya ang paningin sa kabuuan niyon. Toys were scattered everywhere. Lilinisin muna niya iyon. Pag-akyat nito ay ito naman ang aasikasuhin niya.

Winalis niya ang mga candy wrappers na nagkalat sa ibabaw ng kama. Lumuhod siya at nakita niyang

pati sa ilalim niyon ay mayroon din. Mas marami roon. Napapailing na inilabas niyang lahat iyon. Hindi ba ito naturuan ni Miss Celine na maging masinop sa gamit? Noong kasing-edad siya ng alaga ay siya ang naglilinis ng silid niya. Hindi siya umaasa sa kawaksi nila. Maaga siyang tinuruan ng yumaong ina sa mga gawaing-bahay at maging sa pagluluto. Pinalaki siya ng mga magulang na may takot sa Diyos.

Nang maitapon na niya sa naroong trash bin ang mga basura ay sinunod naman niya ang pagliligpit ng mga aklat sa study table nito. Ibinalik niya ang mga iyon sa bookshelves. May mga nalaglag pa sa sahig. Napailing siya. Dapat niya itong sanayin na maging organisado.

Nasa prosesong iniligpit niya ang mga train toys na nakahambalang sa kung saan-saan nang dumating ang paslit.

“Ano’ng ginawa mo sa kuwarto ko? Nasaan ang ibang mga laruan ko?”

“Doon ko inilagay.” Itinuro niya ang malaking plasticware kung nasaan ang maliliit na laruan nito. Ang iba ay ini-display niya sa eskaparate. “Next time, itago mo nang maayos ang mga laruan mo pagkatapos mong gamitin para malinis tingnan ang kuwarto mo.”

“Bakit mo pinakialaman ang mga gamit ko?”
Tumaas nang bahagya ang tinig nito

“Your room was in mess, Luigi. Hindi ko matiis na—”

“I want it that way!” sigaw nito. Nagtimpi siyang huwag sagutin at pagalitan ang bata. Hindi dapat ito sumasagut-sagot sa nakatatanda kahit isa pa iyong alila. Hindi niya tinatrato nang ganoon ang mga kawaksi nila sa bahay, lalo na kung nagkakamali ang mga ito.

Huminga siya nang malalim at niyuko ito. “Do your homework now, okay?”

“Umalis ka na.” Nilagpasan na siya nito.

Wala siyang nagawa kundi ang magpasensya. Tama sina Nana Maring at Darren. Dapat niyang habaan ang pisi niya rito. Sa nakita niyang ugali ni Luigi, malaking hamon sa kanya na mapagbago ito. Because deep inside her, naniniwala siyang may kabaitang taglay ito. Natatabunan lang iyon ng mga hinanakit.

She believed there was a soft heart beneath that hard cover. Una, huhulihin muna niya ang loob nito hanggang sa mapalambot iyon at saka niya ito didisiplinahin. Bubusugin niya si Luigi sa mga

moral values na dapat matutunan nito, lalo na ang pakikipagkapwa-tao para magsilbing gabay nito sa paglaki.

Nakalabas na siya nang dumating si Darren.

“Narinig kong sinigawan ka ni Luigi, Miss Shirley. Nasaan ang batang ’yon?” Magkadikit ang mga kilay nito, handang sitahin ang anak.

Isinara niya ang pinto sa likuran niya, sa pangambang marinig ito ni Luigi. Ayaw niyang madagdagan ang nakatagong tampo ng bata sa ama nito.

“Hindi naman niya ako sinigawan.”

“Huwag mo nang pagtakpan pa ang batang ’yan. Lahat ng yaya niyan ay sumuko sa mga kalokohan niya.”

“Hindi naman sa nakikialam ako, Sir Darren, o pinangungunahan kita. Naisip mo ba kung ano ang dahilan ng ipinagkakagan’on ni Luigi? Hindi kaya may pagkukulang ka rin? Ang totoo niyan, gumagawa siya ng paraan para mapansin mo. Dahil kailangan ka ng anak mo.”

“Busy ako sa mga negosyo ko. Para sa kapakanan niya ang ginagawa ko. Gusto ko siyang mabigyan ng

magandang buhay.”

“At napabayaan mo si Luigi dahil doon. Aanhin mo ang kasaganahang maipagkakaloob mo sa kanya kung lalayo naman ang loob niya sa 'yo?”

Napaisip ito, waring tinitimbang-timbang ang mga narinig sa kanya.

“Sir Darren, nangangailangan ng kalinga at atensyon mo si Luigi. Sana huwag mong ipagdamot sa kanya iyon lalo pa't siya na lang ang natitira mong anak. Laanan mo siya ng kahit kaunting oras mo.” Iniwan niya roon ang lalaki na natitigilan.

“Hindi ka ba papasok, Luigi? Mag-a-ala una na. Bakit hindi ka pa bihis?” Nilapitan ni Shelley ang bata sa kama kung saan ito nakahiga. Napansin niyang giniginaw ito. Nakakumot pa samantalang katanghaliang tapat.

Sinalat niya ang noo nito. “Nilalagnat ka!” Bigla siyang nataranta. Tumabi siya rito. “Ano ang masakit sa 'yo?”

“My head,” matamlay na saad nito.

Nang suminghot ito, nakumpirma niyang may sipon ang dalaga. Lumabas siya at nagpakuha ng

tubig at face towel sa isang kawaksi. Humingi rin siya ng yelo para sa cold compress. Wala pa si Nana Maring. May binili ito sa bayan.

Bumalik siya sa silid ni Luigi dala ang mga ipinakuha niya. Pinunasan niya ang katawan nito. Kumuha siya ng gamot sa medicine cabinet na para sa sipon at lagnat at ipinainom dito. Inihanda niya ang ice pack at ipinatong niya sa noo ng bata. Parang maamong tupang sumusunod ito sa kanya dahil sa helpless na kalagayan nito. Natuwa naman siya. Hindi ito nagsungit sa kanya.

“It’s so cold. Pakipatay naman ang air-con, Miss Shirley, please?” Nakikiusap ang tinig nito.

“Naka-off ang air-con, Luigi.” Awang-awa siya rito. Sa mga sandaling tulad niyon, ang kalinga ng isang ina ang kailangan ng bata. “Kung giniginaw ka, yayakapin na lang kita. Gusto mo?”

Nakapikit na tumango ito. Humiga siya sa tabi nito at niyakap niya ito nang mahigpit. Sumiksik ito sa kanya. Manaka-naka ay dinadama niya ang noo nito. Sa ganoong kalagayan ay hinila siya ng antok.

Nagising siya sa mga haplos sa kanyang pisngi. As she opened her eyes, Darren’s handsome face filled her vision. Maaga yata itong umuwi. Bigla siyang

napabangon. Muli niyang sinuri si Luigi. Bahagyang humupa ang lagnat nito.

“Itinawag sa akin ni Liza na may sakit daw si Luigi. How is he?” tanong nito habang niluluwangan ang suot na necktie nito.

“Bumaba na ang lagnat niya. But he needs to be checked by the doctor. Baka kung ano na ang sakit niya.”

Lumundo ang kama nang tabihan siya ni Darrem. Pinisil nito ang kamay niya. “Salamat sa malasakit mo sa kanya, Shirley. I finally made up my mind. Kung hindi pa dahil sa 'yo, hindi ako magigising. Nag-iisa na siyang anak ko, 'tapos pababayaang ko pa. Nagbingi-bingihan ako sa mga payo noon ni Nana Maring. Labis kasi akong nasaktan sa nangyari kay Krista. Ngayon ay pupunan ko na ang mga pagkukulang ko sa kanya.”

Relieved, she smiled at him. Nagtagumpay siya na mapaglapit muli ang mag-ama. Pero tama ba ang dinig niya? Simpleng ‘Shirley’ na ang tawag nito sa kanya? Wala nang address na ‘Miss’?

She was surprised when he touched her lower lip. “I really love that smile of yours. Isa sa mga nagustuhan ko sa 'yo ang mga ngiti mong iyan,”

anitong hindi inaalis ang paningin sa mga labi niya.

Lihim siyang napalunok. Ano ang pinagsasabi nito?

“E-excuse me, Sir Darren. Titingnan ko lang kung nariyan na si Nana Maring.” Naiilang siya sa nakakapasong titig nito. Naguguluhan siya sa inaakto nito.

Bumalik ang tingin niya sa pinanggalingan, and felt cold fingers tighten on her heart when she saw him kissing Luigi's forehead and taking care of his son. Mapagmahal at uliran pala itong ama, hindi tulad ng una niyang impression dito.